

Magandang balita!

FICEC consultation corner ay bukas na sa Fujimi city office.



Ang FICEC ay nagsasagawa ng mga aktibidad para sa maayos at maginhawang pamumuhay ng mga dayuhang residente na tulad ng mga lokal na mamamayan. Isa dito ang “Konsultasyon ukol sa araw-araw na pamumuhay”. Ilan sa mga paksa sa konsultasyon ay ang DV, katanungan sa pabahay, pagdalaw sa ospital at iba pa. Humigit kumulang 700 kada taon ang natutulungan sa kanilang mga problema. Subalit, ang tanggapan sa Fujimino city ay may kalayuan para sa mga nakatira kagaya ng sa Fujimi city. Pero simula Abril, ang consultation center ng FICEC ay magbubukas na sa Fujimi city hall, 2nd flr. Room No.3 , tuwing Miyerkules :
9:00 ~ 2:00.

Ang FICEC ay tumutugon sa sari-saring alalahanin, gaya ng problema tungkol sa pamilya, Visa, pagpapalaki at pag-aalaga ng anak, paghahanap ng trabaho at iba pa. Kung hindi gaanong bihasa sa Nihonggo, may mga translators na maaring tumulong sa inyo. Kung may alalahanin o katanungan, magsadya lamang, hindi kailangan ng appointment at maaari din ang konsultasyon sa telepono. **Phone No. 049-251-2711.** Sakaling hindi pwede ng Miyerkules, tumawag o pumunta sa FICEC office sa Fujimino city, Lunes ~ Biyernes, 09:00 – 16:00. **Tel: 049-269-6450**



Alam ba ninyo ang “International children’s club”?

International children’s club ay nagsasagawa ng mga aktibidades na tumutulong sa mga bata sa pag-aaral ng Nihonggo at sa kanilang mga aralin sa eskwela. Iba iba ang edad ng mga bata, mula sa maliliit na bata, hanggang sa senior high school. Tumutulong at nagbibigay din kami ng tutorials para sa eksamen para makapasok sa senior high school. Ang mga guro ng klub ay mga estudyante sa unibersidad at mga matatanda na magiliw sa mga bata. Ang klub ay nagbibigay ng 2 pagtitipon kada taon. Tuwang-tuwa ang mga bata na dumadalo sa kasayahan kasama ang mga kaibigan. Maaaring mag-isang dumalaw ang bata o kasama ang nanay...



Oras ng Pag-aaral tuwing Sabado 10:00 – 12:00

Saan: Fujimino city Shimin-katsudo support center, Inside Cocone Bldg., 2 minutong lakad mula Kamifukuoka station west exit. Kung may alalahanin ukol sa pag-aaral/edukasyon ng anak, tumawag sa tanggapan ng FICEC sa Phone No. **049-256-4290** (Lunes ~ Biyernes, 10:00 – 16:00). Mga Tagapamahala: Ms. Totsuka & Ms. Yamahata

Sumakay tayo sa miniature steam locomotive sa Linggo kasama ang mga bata.

Musashino- Ryokuchi Park ay matatagpuan, 5 minutong lakad mula sa west exit ng Tsuruse station sa Fujimi city. Ito ay naging sikat at kilala sa mga bata at matatanda na parehong mahilig sumakay sa miniature steam locomotive. Ang replikang tren ay tumutunog at umuusok gaya ng totoong tren. Maraming pumapasyal at kumukuha ng litrato ng kanilang anak habang masayang nakasakay dito. Makikita sa kanan bahagi ang eskedyul ng bukas. Ito ay libre, sarado nga lamang kapag umulan.

Bukas sa naka iskedyul na mga araw ng Linggo :
Abril 14 & 28
Mayo 12 & 26,
Hunyo 9 & 23,
Hulyo 14.
Oras:
10:00 -12:00 &
13:00 - 14:00

The collage contains a table with the following text:

| 開催日 | 開催時間 | 開催場所 | |
|-------|-------------|-------|-------------|
| 4月14日 | 10:00-12:00 | 5月12日 | 10:00-12:00 |
| 4月28日 | 10:00-12:00 | 5月26日 | 10:00-12:00 |
| 6月9日 | 10:00-12:00 | 6月23日 | 10:00-12:00 |
| 7月14日 | 10:00-12:00 | | |

 Below the table is a photo of a child in a blue uniform sitting on a miniature steam locomotive. To the right is a newspaper clipping with Japanese text.

Subsidy system para sa gastusin sa paaralan

Kung nahihirapan kayo sa sa pagpapa-aral ng mga bata sa public elementary o junior high dahil sa pinansyal na rason, ang subsidy system ng munisipyo ay makakatulong sa ilang gastusin gaya ng school supplies, pagkain at field trips. Aplikasyon: hanggang Feb.14, 2014. Pero kung nais ninyong makatanggap na simula Abril sa taong ito isumite lamang ang aplikasyon bago o hanggang Abril 15 (Lunes). Magsadya lamang sa Gakko Kyoiku-ka ng city hall. Kasama ng iba pang dokumento, kailangan na ang kita ng buong pamilya ay mas mababa kaysa pangkaraniwan. Padadalhan kayo ng notisya ng Fujimino City Gakko Kyoiku-ka

(☎ 2 2 0 - 2 0 8 4)

Family support center

Ang family support center ay pinamamahalaan ng mga kasapi na gustong magbigay serbisyo gaya ng pag-aalaga ng mga bata at iba pa, at mga gustong tumanggap ng serbisyo. Kailangang magpalista para makasapi. Ang mga kasapi ay makakatanggap ng serbisyo sa pag-aalaga ng bata gaya ng paghahatid o pagsusundo sa nursery o kindergarten, pagtitingin sa bata matapos ang eskuwela o children's clubs, kapag wala ang magulang o may sakit. Bukas: 06:00 ~ 22:00. Bayad: Depende sa kung saang bayan o syudad.. Para sa detalye tumawag sa Family support center.: **Fujimi City 049-251-3337** **Fujimino City 049-262-1135** **Miyoshi Town 049-258-0075**

Used furniture etc sa murang halaga!!

Ang “Fujimino recycle craft center” ay nagbebenta ng mga used furniture at kagamitan tuwing ika-3 Sabado ng buwan. Ang mga gamit katulad ng sofa, cabinet, study table at iba pa, na inayos at nilinis ay ilan sa kanilang mga paninda. Ang presyo ay mula 1,500 yen hanggang 3,000 yen. Maaaring din tingnan ang mga gamit tuwing Martes at Huwebes, 09:00~16:00. Baka makakita kayo ng magandang gamit sa mababang halaga. Saan: “Fujimino recycle craft center”, Martes at Huwebes Phone No. **254-8563**. Maaari ding tumawag sa Silver human-resource center, Lunes ~ Biyernes. Phone No. **266-3001**